

Playing with Fire

# 1

“Hi, Dad! At long last, I’m now in Amsterdam, one of the world’s loveliest cities,” masiglang hayag ni Ashley sa kanyang ama na kausap niya sa telepono. Kadarating lang niya sa hotel.

“And I’m in the middle of my sleep, hija. But I’m glad that you got there safe and happy.” Halata sa boses ni Don Lorenzo na kababangon lang nito mula sa higaan.

“Oh, I’m sorry, Dad! Masyado kasi akong excited kaya nakalimutan ko na iba nga pala ang oras natin d’yan,” natatawang hingi niya ng paumanhin.

“It’s all right, hija. Enjoy yourself there.”

“Thank you, Dad. I’ll certainly do that. Magpapahinga na rin ako bago ko umpisahan ang pamamasyal ko dito.”

“Okay, contact me anytime you want. I’d love to hear from you, hija. Take care always, mag-isa ka lang diyan. Kung hindi sana sa gaganaping business conference ko sa New York next week, kasama mo ako ngayon diyan.”

“Don’t worry about me, Dad. I’m a big girl now. Isa pa, ito nga ang nakakadagdag ng excitement sa akin. Dahil mag-isa ’ko, magiging unforgettable adventure ito para sa akin,” nakangiting sabi niya. “Kompleto naman ako dito ng mga mapa kaya madali ko ring matutunton ang mga lugar sa gusto kong puntahan.”

“Okay, hija. O siya, have your rest now. Baka may jet lag ka pa,” paalala nito.

Muli siyang napatawa. “Sa sobrang excitement ko, Daddy, naglaho na ang pagod ko sa biyahe. But I’ll follow your advice, magpapahinga na rin ako pagkatapos nating mag-usap.

Matapos maibaba ang telepono, kaagad siyang humilata sa malambot na kama. Pagkagising na niya aayusin ang mga luggages niya. Nakahambalang pa sa pinto ang isang malaking maleta at isang katamtaman ang laking bag na kinalalagyan ng kanyang mga abubot.

---

Kinabukasan, ipinasyal ni Ashley na kumain ng almusal sa isang restaurant sa lobby ng tinutuluyang hotel.

Habang hinihintay ang in-order na pagkain,

kinuha niya ang dalang mapa sa kanyang bag at mataman iyong pinag-aralan. Plano niyang pumunta sa Volendam, isang fishing village na 45-minute bus ride galing sa mismong siyudad. Ang Volendam ay isa sa mga lugar na gustung-gusto niyang mabisita sa Amsterdam. Alam kasi niyang doon matatagpuan ang mga windmills and wooden shoes na nakikita niya sa mga libro.

Pero sa huli, ipinasadya niyang unahin ang pagtungo sa *Rijksmuseum*. Hindi na siya makapaghintay na masilayan ang mga paintings nina Vermeer at Jan Steen, malapit din doon ang mga exotic restaurants na gusto niyang subukan.

“Excuse me, Miss?”

Na-distract siya sa pag-aaral ng mapa nang marinig ang baritonong boses galing sa isang lalaki sa kanyang likuran. Nag-angat siya ng mukha upang sinuhin ang taong umistorbo sa kanya. Shocked siya nang makita ang guwapo nitong mukha. Rugged ang porma nito at mas mapagkakamalang artista kaysa tourist. Ano naman kaya ang kailangan nito sa kanya?

“A-are you talking to me?” nabulol na tanong ni Ashley. Masyado yata siyang naapektuhan sa presensya ng estranghero.

Ngumiti ito nang matamis. “Yeah, I was sitting at the nearby table when I saw you. If you don’t mind my asking, are you a Filipina?”

“Yeah,” puzzled na sagot niya.

Lalong lumuwang ang pagkakangiti nito. “I’m a Filipino, too. Mind if i join you?”

“Of course not.” Nakaramdam din siya kaagad ng tuwa nang malaman na pareho sila ng bansang pinagmulan. Iba talaga ang pakiramdam kapag may nakakatagpong kababayan sa mga banyagang lugar tulad ng Amsterdam. “You’re very welcome to join me for breakfast,” nakangiting dagdag ni Ashley.

“Thank you.” Humila ito ng usang upuan sa tapat niya. “By the way, my name is Ethan Mauricio. I’m from Makati City. How about you?” pagpapakilala nito at pagkuwan ay inilahad ang kanang kamay.

“I’m Ashley de Asis. I’m from Baguio City.” Inabot niya ang kamay na inilahad nito. Nakadama siya ng kilig nang magdaop ang mga palad nila.

Hindi kaagad nito binitawan ang kanyang kamay. “What brought you here? Business or pleasure?” Matamang tumitig pa ito sa kanyang mukha.

“It’s pleasure, actually. I’m a tourist and it’s my

first time here in Amsterdam.” Nakahinga siya nang maluwa nang sa wakas ay pakawalan nito ang palad niya. “Ikaw?” naisip niyang tanong.

“Both. I’m a journalist and I’m here on a special assignment. I’m compiling a travelogue of different cities here in Europe, and Amsterdam is my last destination. I saved the best for last, you see. Now I’m glad I did just that kasi nakilala kita,” sabi ng kausap na may kasamang makahulugang ngiti.

Nag-blush ang babae. Tila nagmamadali ang lalaki na ipakitang attracted ito sa kanya.

Hindi nagtagal ay dumating na ang waiter dala ang in-order niyang pagkain. Noon nag-order si Ethan.

Hinintay muna niya na dumating ang pagkain nito bago siya nag-umpisa. Patuloy ang kanilang kuwentuhan habang kumakain sila ng almusal.

“What are your plans for today?” mayamaya ay usisa nito.

“*Rijksmuseum*. I can’t wait to see their collection of Rembrandts.”

“Are you an artist?” curious na tanong nito.

Umiling siya. “I’m an office girl.” Hindi na

niya sinabing pag-aari nila ang kompanyang pinaglilingkuran.

“I see. Do you have a tourist guide?” muling tanong ni Ethan.

“I’m planning to go there all by myself.”

“Would you mind if I volunteer to accompany you? I know this city. Kasama din sa trabaho ko ang libutin ang mga lugar na sadyang dinarayo ng mga turista.”

“But you’re working. Hindi ba ako makakaabala sa ’yo?”

“Definitely not. You’ll also be doing me a favor. Ilang araw na akong naglilibot dito sa Amsterdam at kahit gaano pa kaganda ang lugar na pinupuntahan mo kung wala ka rin namang kasama at kausap, nababale-wala lang ang magagandang tanawin sa paligid. Ang konsolasyon ko na lang, I always have my notebook with me. I jot down everything I see and experience kaya parang ito na lang ang nagsisilbing companion ko. Ang mahirap lang, hindi ito sasagot kahit kausapin ko,” natatawang sabi ng lalaki.

Hindi niya napigilan ang mapangiti. “Well, if you’re sure that I won’t inconvenience you, I’ll be very happy to accept your offer. But are you going to

charge me for your service?” biro ni Ashley.

Tumawa ito nang malakas. “Perharps,” sakay ni Ethan.

Tumaas ang isang kilay niya. “Oh, and how much would it be, I wonder?”

“A smile from you every now and then should cover it,” nakangiting sagot nito.

“Deal!” At sinamahan niya iyon ng isang matamis na ngiti. “See? Meron ka nang downpayment,” anang babae na pareho nilang ikinatawa.

---

Pagkagaling nina Ashley at Ethan sa *Rijksmuseum*, sunod nilang tinungo ang flower market na kitangkita ang seventeenth century mint tower.

Hangang-hanga siya sa naggagandahang bulaklak na nakapalibot sa canal. May maliliit na bulaklak na iba’t iba ang kulay at hugis.

“Impressed?” amused na tanong ng binata sa kanyang tabi.

“That’s an understatement. Sa ganda ng mga bulaklak na ito, kulang ang salita. Ngayon lang ako nakakita ng ganito sa buong buhay ko,” sagot ni



Ashley habang inuusyoso isa-isa ang mga bulaklak na naka-display sa ibang puwesto na binabantayan ng isang matandang babae na matamis na nakangiti sa kanila.

“Well, don’t be surprised. Next to water, the thing you’d see most here in the Dutch capital is flowers. Ang mga parks nila dito ay napapalibutan ng iba’t ibang klase ng mga bulaklak. The first time that I’ve been here in Amsterdam was spring season. A half-hour bus trip brought me to the tulip fields,” kuwento ng lalaki.

“Oh, I love tulips! Especially the lavender ones.”

“Your wish is my command, lady. I’m sure we’ll find you favorite flower here,” sagot ni Ethan na kaagad binalingan ng matandang tindera.

Bitbit na niya isang pumpon ng lavender tulips nang lisanin nila ang puwesto ng mga bulaklak.

“Famished?” pagkaraan ay usisa ng kasama habang naglalakad sila.

“Medyo, maghanap na tayo ng makakainan, my treat. Inilibre mo na ako nitong mga bulaklak.”

“Oh, no. Ako ang magbabayad sa kakainin natin. I’m a typical Filipino, Ashley. It will bruise my ego if

I let a lady as beautiful as you pay for my meal.”

“Pero sobra-sobra na itong ginagawa mo para sa akin, Ethan. Ikaw na nga ang nagboluntaryo na maging guide ko, ikaw pa itong manlilibre sa akin,” pagpoprotesta niya, kahit lihim na na-flatter nang sabihin nitong maganda siya.

“Come on, I can afford it. Isipin mo na lang na nasa Pilipinas tayo, having our first date,” biro nito.

Hindi niya napigilan ang pamumula ng mga pisngi. Deep inside ay kilig na kilig siya sa sinabi nito.

Kumulimlim lang nang kaunti ang kanyang mukha nang may maalala siya. Pero ikinatuwiran niya sa sarili na walang masama sa kanyang ginagawa. She came here to have some fun and Ethan was just part of her adventure in Amsterdam. Ngunit bumulong ang kanyang konsensya: *Sinungaling ka, Ashley! You're toying with Ethan and you might regret it in the end...*

“Ashley? You're miles away,” pukaw ng kasama.

“Ha? Ahm... sorry, may naalala lang ako.”

“Someone special?” seryosong tanong nito.

“N-no.” Muli siyang sinundot ng kanyang budhi.  
“Wala iyon.”

Nagpatiuna siyang pumasok sa restaurant na kanilang hihituan. Pilit niyang iwinaksi sa isip ang mga bagay na bumabagabag sa kanyang kalooban. Basta ang mahalaga ngayon, gusto niyang magsaya. Gusto niyang mabigyang-kulay ang buhay niya. Kaya siya narito sa Amsterdam ay para talikdan pansamantala ang isang katotohanan na isang araw ay kanyang babalikan.

Habang kumakain sila, panay ang kuwento ni Ethan sa kanya tungkol sa Amsterdam. Aliw na aliw siya sa pakikinig dito. “You’re very familiar with this place, aren’t you?” komento niya.

Itinigil muna nito ang pagsubo ng pagkain at nakangiting tumingin sa kanya. “Well, I’m paid to be familiar with the city. Even so, I honestly find Amsterdam fascinating.

“Ano ang higit na nagustuhan mo dito?”

“Marami. But it’s the people that make the place charming.”

“You’re right. Napansin ko nga pagdating ko rito na parang lahat ng mga nakikita kong tao ay nakangiti. They make me feel so welcome.”

Tumango ang binata. “Amsterdam is also one of the world’s crowded cities. *Gezellig* is the term. It

means intimate and cozy. Dapat alam mo ang salitang iyon kung gusto mong matutong magsalita ng Dutch.”

“You certainly did your homework, Ethan,” aniyang nakangiti. “By the way, saan ka nagtatrabaho sa Pilipinas?”

“Didn’t I tell you? I’m based in New York. Matagal na panahon na akong hindi nakakauwi sa atin.”

“Oh, and why is that?” curious na tanong niya.

“Personal reason. Isa pa, hindi ko basta-basta maiwanan ang trabaho ko sa New York at kadalasan ay ipinapadala ako sa iba’t ibang lugar para mag-cover ng mga istorya.”

Humahangang napatitig siya sa kausap. “Kung gan’on, isa ka palang bigating writer.”

“Hindi naman. Kung ano man ang na-achieve ko, nakuha ko through sheer hard work.”

Nang mapansin ang oras ay ipinasya nilang bumalik sa hotel.

“I’m glad na dito ka nag-check in sa hotel na tinutuluyan ko,” nakangiting sabi ni Ethan nang nasa loob na sila ng elevator paakyat sa 13th floor kung saan naroon ang kuwartong inookupa niya. Nasa 15th floor ang silid ng lalaki. “Kanina nang makita kita sa

restaurant sa ibaba, hindi na maalis ang tingin ko sa 'yo, iba pa rin talaga ang ganda ng isang Filipina, nakakaagaw-pansin kahit saan magpunta,” puri nito.

“Thank you,” sagot niya.

Nang mabuksan na ang pinto ng kanyang kuwarto nakangiting binalingan niya si Ethan. “Salamat sa paghatid mo sa akin. Dumerecho ka na lang sana sa floor mo, nag-abala ka pang ihatid ako.”

“It’s only proper to see you to your door,” sabi ng kasama habang matamang nakatitig sa kanyang mukha.

“A-ahm... Thank you again, Ethan. I really enjoy our time together.” Medyo bumibilis na ang tiboik ng kanyang puso dahil sa malagkit na titig nito.

“How about dinner tonight?”

“D-dinner?”

“May alam akong isang magandang lugar na sigurado kong magugustuhan mo. Sunduin na lang kita dito mamaya bago mag-alas-siete ng gabi.”

“Pero...” Iniisip niyang masyado na siyang nakakaabala rito. Pero kung puso niya ang tatanungin, nagdidiwang ito sa imbitasyon ng binata.

“Wala nang pero-pero, Ashley. Come on, hahayaan mo ba akong kumain ng hapunan mamaya nang mag-isa? I really like your company kaya sana paunlakan mo ang imbitasyon ko.”

“Alright, I’ll be ready before seven.” Nanaig pa rin ang kagustuhan ng puso niya kaysa sa dikta ng kanyang utak.

Ngumiti si Ethan. “Thanks, see you later!”

Napasandal siya sa pinto makaraang isara iyon pagkaalis ng lalaki. Pinagagalitan niya ang sarili sa ginawang pagpapahinuhod. “Stupid, stupid!” paulit-ulit na sita niya sa kahinaan. *Alam mo na hindi ito tama!* usig ng kanyang budhi.

Napailing siya, nakaramdam ng pagkahapo sa katawan at isip sa patuloy na panunumbat ng kanyang konsensya. Pero paano niya malalabanan ang matinding mithiin na muling makipagkita kay Ethan? Kahit sa sandaling panahon na kasama ito ay hindi niya maitatangi na binago kaagad nito ang takbo ng buhay niya pati na rin ang tibok ng kanyang puso.

Mabibigat ang paang tinungo niya ang higaan at gulung-gulo ang isip na humiga sa kama. Ano ang gagawin niya? Tatapatin niya ba si Ethan mamaya

*Playing with Fire - Ma. Flores Guianan-Isler*

---

na hindi siya makikipagkita rito kahit kailan? Kaagad tumanggi ang puso ni Ashley.

*I owe it to myself after the pain and agony that I've been through,* pagbibigay-rason niya sa binabalak na gawin.

Tatapusin na lamang niya ang lahat bago siya bumalik sa Pilipinas.

## 2

Si Ethan ang laging kasa-kasama ni Ashley nang nakalipas na ilang araw na pamamasyal sa Amsterdam. Bukod sa alam nito ang mga lugar na gusto niyang puntahan, very thoughtful and caring pa ito sa kanya, kaya hindi kataka-takang lalong nahuhulog ang loob niya rito sa paglipas ng mga araw. At dama niyang ganoon din si Ethan sa kanya. Bagay na ikinasaya ng kanyang puso at ipinag-uusig ng kanyang konsensya.

Isang gabi, niyaya siyang mag-dinner ng binata sa bahay ng dalawa nitong malapit na mga kaibigan. Dati raw nitong katrabaho ang mag-asawa sa New York bago nagkaroon ng negosyo sa Amsterdam. Dito na rin ipinasya na manirahan ng mag-asawa simula noon.

“Magugustuhan mo ang kaibigan kong si Bobby Smith, palabiro siya at mabait. Gan'on din ang asawa niyang si Sarah, tiyak makakasundo mo siya,” ani Ethan habang nakasakay sila ng taxi papunta sa tirahan ng sinasabi nitong mga kaibigan.

Malugod silang sinalubong nina Bobby at Sarah. Parehong malaking tao ang mag-asawa.



“You’ve got a real beauty here, Ethan,” papuri ni Bobby nang pasadahan siya ng tingin mula ulo hanggang paa.

Naramdaman ni Ashley ang pag-iinit ng pisngi. “T-thank you,” pautal na sagot niya. Sa tono ng pananalita ni Bobby ay parang ipinapalagay nito na magnobyong sila ni Ethan.

“Mind your manners, Bob,” nakangiting saway ni Sarah sa asawa. “Let our guests get inside the house before you open your big mouth.” Nagtawanan sila sa huling tinuran nito.

Nang nasa living room na sila, pormal siyang ipinakilala ni Ethan sa mag-asawa. “Guys, I want you to meet Ashley de Asis, a very special lady who came unexpectedly into my life,” nakangiting hayag nito.

“We’re very pleased to meet you, Ashley,” halos sabay na sabi ng dalawa bago siya kinamayan.

Naging busy sina Ethan at Bobby sa pagkukuwentuhan tungkol sa trabaho at sa pangungumusta sa mga dating katrabaho ng huli na naiwan sa New York.

Nakangiting hinila siya ni Sarah sa kamay patungo sa kusina. “I’m roasting a turkey, let’s see if it’s tender already.”

Habang inihahanda ang hapunan, masayang nagkukuwento ang ginang ng kung anu-ano sa kanya. Mayamaya, nakangiting tumitig ito sa kanyang mukha.

“You’re the first girl that Ethan introduced to us. You must be very special to him. Even when we were in New York, he never got involved with women. We were thinking he must be avoiding serious relationships like the plague. I’m glad that he finally met you. Ethan is really a nice guy, he deserves someone as beautiful as you.”

Hindi niya nakuhang magsalita. Gusto sana niyang sabihin kay Sarah na hindi sila magnobyong pero naumid ang kanyang dila.

“So, when are you planning to settle down for good?” mayamaya ay usisa ni Sarah matapos tingnan ang niluluto sa oven.

“Ahm... we’re both busy with our careers, marriage can wait.” Hindi makatingin nang derecho si Ashley sa mga mata ng kausap.

“I understand you, darling. But don’t make Ethan wait too long. That guy has been lonely for many years now, he needs a very special woman in his life to make him really happy. I wish you two will get

married soon; you'd be certain to have lovely kids."

Lalong namula ang pisngi ni Ashley, mabuti na lang at pumasok sa kusina si Bobby para magtanong kung puwede na silang kumain ng hapunan, kaya hindi nahalata ni Sarah ang pananahimik niyang lalo.

---

"Dinner was superb, wasn't it?" masuyong usisa ni Ethan nang tumapat sila sa pinto ng kanyang silid sa hotel.

"Very. Nag-enjoy ako kanina. Sobrang kalog n'ung dalawa. Sayang at ang bilis ng oras, masarap pa sanang kakuwentuhan sina Bobby at Sarah.

"We can remedy that. For the meantime, why don't you invite me in for a cup of coffee?"

Hindi na niya nakuha pang tumanggi dahil niluwangan na nito ang pagbukas ng pinto at pumasok na sa loob.

Kaagad dinampot ng binata intercom at nag-order ang dalawang cup ng kape sa room service. Pagkatapos ay tinungo nito ang malambot na sofa na sadyang nakalaan para sa mga bisita.

"Come here, Ashley. Sit beside me. I won't bite you," may halong panunuksong anyaya nito.

“E-Ethan...” Nanatili lang siyang nakatayo sa bukas pang pinto. “I-it’s getting late already,” pasimpleng pagtataboy niya.

Tumayo ito upang isara ang pinto. Hinawakan ng lalaki ang siko niya at iginiya siya patuingo sa sofa. “Relax, Ashley. We’ll just have a serious talk. This is a very special evening for us.”

“W-what do you mean?” nagugulumihanang tanong niya.

“I’ll tell you after I’ve had my cup.”

Hindi nagtagal ay may kumatok sa pinto. Pumasok ang isang roomboy dala ang dalawang tasa ng umuusok na kape. Ipinatong nito iyon sa coffee table na kaharap ng sofa.

Binigyan ni Ethan ng tip ang roomboy bago umalis ang huli.

“Drink your coffee, darling,” utos nito sa kanya.

Masyadong intimate ang endearment nito at lalo lang binabalot ng kaba ang dibdib niya. “A-ano ang pag-uusapan natin?” naisipan niyang itanong bago humigop ng kape mula sa kanyang tasa.

Seryosong tumitig ang binata sa kanyang mga mata at isang daliri nito ay masuyong humaplos sa

pisngi niya. “Ashley, gusto kong sabihin sa ’yo ngayon na mahal na mahal kita.”

Nanlaki ang kanyang mga mata, halos mabitawan niya ang tangan niyang tasa. Kaagad niyang naipatong iyon sa ibabaw ng mesa. “You must be kidding, Ethan! Mahigit isang linggo pa lang tayong magkasama dito sa Amsterdam,” hindi makapaniwalang tugon ng babae.

“I know, Ashley. Pero wala nang duda sa sarili ko na in love ako sa ’yo, I’ve never felt this way before. I knew it the moment I saw you, doon pa lang sa restaurant. My life changed since then. I want to spent the rest of my life with you.”

Hindi siya makapagsalita lalo na nang lumapit pa ito at magdikit ang mga katawan nila. Ginawaran nito ng masuyong halik ang nakaawang na mga labi niya at pagkaraan ay tumitig sa kanyang mga mata.

“You love me too, don’t you, Ashley?” masuyong tanong pa nito.

“I... I don’t know what to say, Ethan. You caught me off-guard, I didn’t expect this,” helpless na sagot niya. Pilit niyang pinanatiling blangko ang ekspresyon sa mukha, ayaw na ipagkanulo ang totoong mararamdaman dito.

“Please be honest with me. Nararamdaman ko sa puso ko, Ashley, na meron ka ring pagtingin sa akin. Bakit mag-aalinlangan ka pang tanggapin ang pag-ibig na inaalay ko sa 'yo? Handa naman kitang pakasalan kahit anong oras na gustuhin mo. Iwanan mo na ang trabaho mo sa Pilipinas, doon na tayo tumira sa New York. Ayaw kong magkalayo pa tayo.”

“Ethan, you're rushing me. I m-mean, sobrang bilis ng mga pangyayari, maraming bagay kang hindi pa nalalaman tungkol sa akin.”

“Ashley, I really love you, handa akong tanggapin kahit ano pa ang pagkatao mo. Ang higit na mahalaga lang sa akin ngayon ay hindi na tayo magkakahiwalay pa kahit kailan. Please, sagutin mo ako, mahal mo rin ako, di ba?” nagsusumamong tanong nito.

“No!” marahas na sambit niya, sabay tayo upang ilayo ang sarili nito.

“Ashley—”

Nakikiusap ang mga matang tumitig siya rito. “I beg you, Ethan, don't make this hard for me! I'm not the woman you think I am.” Nag-uumpisa nang mangilid ang luha sa kanyang mga mata. “I know it's my fault. I've been unfair to you. I had misled you, hindi ko kaagad sinabi sa 'yo ang totoo at dahil

dito, humihingi ako ng tawad sa 'yo. Mahirap mang maintindihan pero sana unawain mo na lang ako.” At tuluyan nang tumulo ang luha sa kanyang mga pisngi.

Tumayo ang binata at lumapit sa kanya. “I don’t understand you, Ashley. Ano ba pinagsasabi mo?” naguguluhang tanong nito.

Akmang yayakapin siya nito nang umiwas siya. “Don’t! Please, Ethan... pakiusap, umalis ka na. Kalimutan na lang natin ang lahat. Hindi ako karapat-dapat sa 'yo!”

“You expect me to just leave you here, right now? Come on, Ashley, we’re both adults. We can talk things over and we can solve whatever’s bothering you. I told you, hindi mahalaga sa akin ang pagkatao mo. Mahal na mahal kita, hindi ako makakapayag na meron pang hahadlang sa ating dalawa,” seryosong hayag nito.

“It’s you who don’t understand. Everything is wrong!”

“Ashley—”

“Listen, please... umalis ka na ngayon sa harap ko, Ethan. Nakikiusap ako sa 'yo. Maganda na magkahiwalay tayo na meron pa tayong

masasayang alaala sa isa't isa. Ayaw kong matapos sa komprontasyon ang huling pagsasama natin. Ayaw kong magtanim ka ng sama ng loob sa akin. Basta tapusin na lang natin ngayon ang anumang nag-uugnay sa ating dalawa.”

“You’re not making any sense, Ashley. Paano ko ba ipapaunawa sa ’yo na mahal na mahal kita? We can live a happy life together, just say you love me and everything will be all right.” Nag-umpisa itong humakbang palapit sa kanya.

“Stop! Don’t come near me. Wala akong dapat aminin sa ’yo dahil wala akong karapatang magmahal ng iba, Ethan. I’m a married woman. May asawa na naghihintay sa akin sa Pilipinas!”

Parang naparalisa ang katawan nito sa matinding pagkabigla. Kitang-kita niya ang pamumula ng mukha nito at ang pagkuyom ng mga kamay.

“You’re lying, Ashley. Hindi totoo ang sinasabi mo!” masamang-masama ang loob na singhal nito.

Tumitig siya sa mga mata ng kausap. “I-it’s the truth, Ethan. Patawarin mo ako kung hindi ko kaagad sinabi sa ’yo ang totoo,” pakiusap niya.

Hindi pa rin ito nawawalan ng pag-asa. “This is some kind of a joke. Hindi totoo ang sinabi mo. Ni



wala kang suot na singsing!”

“Hindi pa rin maitatangging may asawa akong tao. I’m very sorry of hurting you like this. Pinagsisisihan ko na ngayon ang ginawa ko, dapat noong una pa lang ay hindi na ako nakipagkaibigan pa sa ’yo,” hirap ang kalooban na sabi niya.

Biglang tumalim ang tingin ng kaharap. “Kung gan’on, bakit mo ginawa ’yun? Maraming pagkakataon na puwede mong sabihin sa akin ang totoo, bakit hindi mo ipinagtapat sa akin na meron ka nang asawa? Bakit?” punong-puno ng panunumbat ang singhal nito.

“Hindi mo maiintindihan ang dahilan ko. Pakiusap, Ethan, huwag mo na akong sumbatan. Nagsisisi na ako sa ginawa ko, I’m so sorry!”

Inilang hakbang nito ang kinatatayuan niya at nagbabaga ang mga mata sa galit na niyugyog ang magkabila niyang balikat. “You, liar! You were playing with me all along! Alam mo ba kung ano ang nararamdaman ko ngayon, Ashley? Para mong dinukot ang puso at dinurog mo nang pinung-pino! How could you do this to me? How could you!”

Hindi siya makapagsalita. Binalot ng takot ang kanyang dibdib sa nakitang matinding galit sa mga

mata nito. Wala siyang magawa nang yugyugin nito ang kanyang mga balikat na para bang isa lang siyang manyika.

“Afraid?” galit na tanong ni Ethan nang bitawan siya. “You should be, Ashley. I could squeeze the life out of you right here and now. Ano ang dapat kong isipin ngayon? That you were just having a little fun on your holiday and you used me? Is that it?”

“Ikaw ang unang lumapit sa akin noon sa restaurant,” depensa niya.

“But we’ve been spending lots of time together for more than a week now, Ashley, at ni minsan ay wala kang binanggit sa akin tungkol sa asawa mo! Hinayaan mo akong maniwala na ikaw ay tulad kong malaya pa!”

“E-Ethan, kaya nga ako humihingi ng tawad sa ’yo. Inaamin ko naman na ako ang nagkamali dito, pero huwag mo sanang isipin na ginamit lang kita bilang pampalipas-oras. Naging masaya ako nitong nakalipas na ilang araw dahil kasama kita. Naging makulay ang bawat sandali dahil sa ’yo...”

“But you never told me about your being married, damn it! Ano’ng rason mo, Ashley? Sabihin mo sa akin ang rason mo!”

“I... I can’t... H-hindi mo ako maiintindihan, Ethan.”

Akmang magpoprotesta pa sana ang kausap, pero nagbago ito ng isip. Matalim uli itong tumitig sa kanya bago inihakbang ang mga paa patungo sa pinto. Ngunit bago ito lumabas ay nag-iwan ito ng mensahe na nagdulot ng panibagong takot sa kanyang dibdib.

“Hindi pa tayo tapos, Ashley. Kung inaakala mong hahayaan ko lang ang ginawa mong pagsisinungaling sa akin, nagkakamali ka. Ipinapangako ko sa ’yo ngayon na pagbabayaran mo ang ginawa mong ito sa akin!” Pagkasabi niyon ay binuksan na nito ang pinto at nilisan ang kuwarto niya.

Napahagulhol ng iyak na umupo siya sa sofa sapo sa dalawang palad ang mga pisngi. Walang patid ang pagdaloy ng kanyang luha. Hindi niya binalak na ganito ang kahihinatnan ng lahat. Ayaw niyang mamuhi sa kanya si Ethan, pero huli na. Wala siyang ibang masisi kundi ang sarili.

*Paalam, Ethan...*

Bago siya natulog nang gabing iyon ay napagdesisyunan niyang bumalik na sa Pilipinas. Ang inaakala niyang masayang pagbabakasyon sa

*Playing with Fire - Ma. Flores Guianan-Isler*

---

Amsterdam ay lalo lang palang magpapasalimuot sa buhay niya. Pero hindi rin maitatangi ni Ashley ang katotohanang dito niya natagpuan ang lalaking mamahalin. Maiksing panahon lang ang pinagsaluhan nila, pero nag-iwan ito ng bakas na habang-buhay na mananatili sa kanyang puso.

# 3

“Ashley!” bulalas ni Don Lorenzo nang makita siya sa pintuan ng silid nito.

“Hi, Dad! I’m sorry, wala akong gaanong dalang pasalubong sa ’yo galing Amsterdam, biglaan kasi ang pag-uwi ko kaya sa *Duty Free* na lang ako namili.”

Nakaupo sa gilid ng kama ang ama at nagbabasa ng libro. Humalik siya sa pisngi nito nang makalapit at malambing na yumakap dito. “It’s nice to be back, Dad.”

Takang tumitig ang don sa anak. “Teka, teka... I wasn’t expecting you yet from your holiday, I thought next week pa ang uwi mo, bakit bumalik ka kaagad dito?”

“Dad, aren’t you glad to see me ?” kunwa ay nagtatampo na tanong ni Ashley.

“Of course, I am. Nagtataka lang ako, hija, kung bakit hindi mo tinapos ang two-week holiday mo.”

“Well, I missed you a lot kaya umuwi na ako kaagad.”

Tumawa ang don. “Liar! Come on, hija, akala

ko ba gustung-gusto mo ang Amsterdam? I was expecting mag-e-extend ka pa ng pagbabakasyon doon. I even planned to follow you there. Mabuti na lang hindi ko naisipan na sorpresahin ka, kundi pagdating sa Amsterdam ay ako ang magugulat. What happened?” pangungulit nito.

“You want the truth?”

“I won’t settle for anything less. Come on, tell me.” Hindi siya makatingin nang derecho sa mga mata ng ama nang muli siyang magsalita. “I missed Gary,” tukoy niya sa asawa.

*Liar!* kasabay na usig ng kanyang konsyensya.

Biglang tumayo si Don Lorenzo at nagpalakad-lakad sa carpeted na sahig ng magara nitong kuwarto bago nagkomento.

“Hija, we’ve been through this discussion over and over again. Give yourself a break, for heaven’s sake!”

“H-hindi pa ba nagbabago ang isip ni Gary hanggang ngayon, Dad? Ano ang update sa inyo ni Attorney?”

Huminto ang don sa pabalik-balik na paglalakad at naawang tumitig sa kaisa-isang anak. “You know

what, at a time like this, naiisip kong sana ang ina mo ang narito para sa 'yo imbis na ako. Mas maganda nga siguro kung ako ang mas naunang namatay kaysa sa kanya.”

“Dad! How could you say that!”

“It pains me to see you like this, Ashley. I was hoping na makakabuti sa 'yo ang pagbabakasyon mo sa Amsterdam, pero bakit parang lalo lang lumakas ang determinasyon mo na kontrahin ang desisyon ni Gary?”

Hindi siya makaimik, tumayo na lamang siya at tinungo ang bintana upang tumanaw sa labas. Naramdaman niya ang paglapit ng ama kahit hindi niya ito nilingon. Alam niyang maririnig nito ang sasabihin niya. “Why are men so stubborn, Dad?”

Narinig niya ang mahinang pagtawa nito bago sumagot. “It’s women who are stubborn, hija, not the other way around.”

“I don’t agree with you, Dad. If Gary wasn’t so stubborn, we would not be having this problem in the first place.”

Sumeryoso ang tono ng boses ni Don Lorenzo. “Who are you kidding, Ashley? Alam nating lahat na may problema na ang pagsasama ninyo sa simula pa

lang. When are you going to accept that?"

Galit na bigla siyang lumingon sa kinatatayuan ng ama. "It was no one's fault! It was that damned accident!"

"Hija, calm down. It happened a long time ago."

May namuong butil ng luha sa mga mata niya. "Well, for me it seemed like it happened only yesterday. Life is so unfair, Dad! Bakit nangyari ito?" hinagpis niya.

"It's fate, Ashley."

"Ano ang update sa 'yo ni Attorney?" ulit niya.

"Nothing has changed, hija. Desidido na si Gary and I don't think anyone can force him to change his mind. Ang totoo niyan, Ashley, his attorney has prepared the papers para ma-process na ang annulment n'yong dalawa."

"No!" mariing tanggi niya.

"It's the truth."

"Pero bakit ito ginagawa ni Gary, Dad?" naghihinakit na tanong niya.

"Your husband loves you very much, Ashley, that's why he's setting you free."



“But I don’t want to be free! Ayaw kong ma-annul ang kasal namin. Bakit ba hindi ’yun naiintidihan ni Gary? Daddy, sumumpa kami sa harap ng altar, magsasama kami sa hirap at ginhawa. Hindi ba niya nauunawaan ang pangakong binitiwang niya sa harap ng Diyos at sa akin?”

“It’s so easy for you to say that, hija, because you’re in one piece. It’s another story if we’re talking about a man crippled for life like your husband.”

“Yun na nga ang punto ko, Dad. Dapat ako’ng nasa tabi niya, dapat ako ang karamay niya. Pinagsilbihan ko na siya nang mahigit dalawang taon at handa akong ilaan ang buong buhay ko sa kanya, pero ano ang ginawa niya? Pinaalis niya ako sa pamamahay niya limang buwan na ang nakakaraan dahil gusto na raw niya akong bigyan ng kalayaan. Kahit ano’ng pakiusap ko noon sa kanya, hindi siya pumayag na manatili pa ako sa tahanan niya kaya nandito ako ngayon sa poder n’yo. ”Tapos n’ong nakaraang buwan, nagulat na lang ako nang puntahan ako ng kanyang abogado. Nagpa-file siya ng annulment without consulting me. Ano ang kasalanan ko sa kanya, Daddy? Ano ba ang pagkukulang ko sa kanya?”

“In my opinion, Ashley, Gary only did the sensible thing and I admire him for that. At twenty-

three, you're very young to be tied on an invalid for the rest of your life. Let's be practical and realistic, Ashley. Palagay mo, kung nabaliktad ang sitwasyon n'yo ni Gary, maaatim mo rin bang itali siya sa isang relasyon kahit alam mong marami kang pagkukulang sa kanya?"

"Dad, I'm his wife and he's my husband, natural lang na pagsilbihan namin ang isa't isa," katuwiran niya.

"If you mean 'silbi' na aalagaan mo na lang siya habang buhay, palagay ko ay hindi asawa ang tawag sa 'yo kundi caregiver. Don't you dream of having children someday?"

"Dad, that dream died the moment we met that accident. Maraming pangarap ang binura ng aksidenteng 'yun sa buhay namin ni Gary at hindi ko maaatim na harapin niya ang bukas nang mag-isa. Umaasa pa rin ako na balang araw ay mayroong mangyayaring himala at gagaling na nang tuluyan si Gary."

Napailing si Don Lorenzo. "Ashley, hindi mo ba naiintindihan na nagiging pabigat ka na kay Gary? Kung inakala mong nakakatulong ka sa kanya, nagkakamali ka. Palagay ko, mas makakadama pa ng ginhawa si Gary pag naghiwalay kayo."

Maang na napatitig siya sa ama. “A-ano ang ibig n’yong sabihin, Dad?”

“Hangad niya ang kaligayahan mo. Kung tutuusin, napakasuwerte mo sa kanya dahil hindi makitid ang utak niya. Hindi siya makasarili at marunong siyang magpahalaga sa damdamin mo. Siguro kung ibang lalaki si Gary, malamang obligahin ka niya na alagaan mo siya habang-buhay dahil kasal kayo. Pero hindi niya iyon ginawa. Sapat na ang panahon na inilaan mo sa kanya at ayaw na niya iyong dugtungan pa. Ang gusto niyang mangyari ngayon ay harapin mo ang buhay na wala siya. Kaya niya ipinapa-annul ang kasal ninyo.”

“Dad, ang hindi n’yo maintindihang dalawa ni Gary, ayaw kong harapin ang sarili kong buhay na wala siya sa tabi ko. paninindigan ko pa rin ang binitiwang pangako sa kanya. Makikiusap ako na huwag na niyang ituloy ang pagpa-file ng annulment,” puno ng determinasyon na saad niya.

Muling napailing ang ginoo. “Bahala ka, Ashley. Ang masasabi ko lang sa iyo ngayon, bakit hindi ka maging tapat sa sarili mo kung ano ba talaga ang tunay na hiling ng iyong puso? Minsan kasi, ang matinding awa na nararamdaman mo ay inaakala mong isang wagas na pag-ibig at lalo lang nitong

sinasakal ang taong pinaglalaanan mo.”

Biglang sumagi sa isip niya si Ethan. Pero kaagad din niya iyong iwinaglit sa kanyang isip. Si Gary lang ang dapat magmay-ari ng puso niya.

“Dad, kahit ano pa ang sabihin n’yo, asawa ko pa rin si Gary. He deserves my loyalty.”

“I admire your loyalty to him, hija. But I think it’s misplaced. Batang-bata ka pa, karapatan mo rin ang lumigaya sa piling ng ibang lalaki na handang ibigay ang mga pangangailangan mo. Gary is offering you back your freedom on a platter, all you have to do is take it and go on with your life. Hindi kita maintindihan, Ashley, kung bakit mo ito tinatangihan.”

“I already told you my reasons, Dad.”

“Your reasons are unacceptable to me. But it’s your life, ikaw ang mas higit na nakakaalam kung saan ka higit na liligaya. Sana lang wala kang pagsisihan sa bandang huli.”

Hindi siya nakaimik pero buo ang loob niyang panindigan na tama lang ang kanyang desisyon.

---

Kinabukasan, sinadya ni Ashley si Gary sa bahay

nito na dati rin niyang naging tahanan sa loob ng mahigit dalawang taon. Isang katulong ang nagsabi sa kanya na nasa hardin ang asawa at abala sa pagpipinta. Iyon ang libangan ni Gary kahit nang hindi pa ito naaaksidente. Ngayon ay unti-unti na ring nakikilala ang mga obra nito. Nakatulong nang malaki na mayroon itong tiyahin na may-ari ng isang art gallery. Paralisdado man ang kalahating bahagi ng katawan nito, nagkaroon si Gary ng paniniwala na mayroon pa rin itong silbi.

“Hi, Gary!” bati niya nang makalapit sa wheelchair nito.

Itinigil nito ang pagsasawsaw ng paintbrush sa watercolor nang marinig ang boses niya. Bumakas ang tuwa sa mukha nito.

“Ashley! It’s nice to see you again. Mukhang nahiyang ka sa Amsterdam, ah, lalo kang gumanda. Akala ko ba, next week pa ang dating mo?”

Ganito sila mag-usap, para na lang silang matalik na magkaibigan. May kumurot sa puso ng babae nang sumagi sa kanyang alaala ang kanilang nakaraan.

Masasabing isang perfect boyfriend si Gary; wala siya halos maipintas dito. Magkababata sila at noon pa ay tagapagtanggol na niya ito. Magkapitbahay

silang halos at tulad niya, nag-iisang anak lang din ito. Childhood sweethearts sila kaya simula't sapul ay nakatanim na sa utak niya na ito ang lalaking pakakasalan niya balang araw. Nang matupad iyon, sumunod naman ang isang malagim na trahedya sa mismong araw ng kanilang kasal. Nagpahatid sila sa driver ng pamilya ni Gary sa airport para sa kanilang honeymoon sa Hawaii, pero sa hospital sila natuloy. Bumangga ang sinasakyan nilang kotse sa isang ten-wheeler truck, patay ang driver, samantalang naipit ang dalawang paa ni Gary. Siya ay himalang gasgas lang ang natamo.

“Ashley? Tinatanong kita. S’abi ko, ba’t nandito ka na? Akala ko next week pa ang balik mo?” untag nito.

“Ha? Ah... na-miss ko kasi ang mga naiwan ko ditong mga mahal sa buhay kaya ako nagmadali na bumalik,” dahilan niya. Kailangang maging maingat siya na wala itong malaman tungkol kay Ethan dahil tiyak na lalo itong magpupursige na ipa-annul ang kanilang kasal. Matagal na nitong hinihintay na makatagpo siya ng ibang lalaking mamahalin.

Narinig niyang tumawa ito. “You must be crazy, Ashley! Dapat nagpakasawa ka sa pagbabakasyon mo. Ilang taon ka nang hindi nakakapasyal. Sana

nilubos mo na sa Amsterdam.”

Binalot ng matinding awa ang kanyang puso. Siya itong walang karamdaman sa katawan pero siya pa rin ang iniisip ni Gary. Paano niya ba maaatim na tuluyang iwan ito? Mabait ito sa kabila ng kapansanan. Pero kahit siguro naging masungit ito at mahirap pakisamahan, hindi pa rin niya ito magagawang iwan.

Napabuntong-hininga siya bago naupo sa bakal na silya na malapit sa wheelchair nito. “Alam mo naman kung bakit naisipan kong magbakasyon. Masyado akong nasaktan nang ipaalam sa akin ng abogado mo na gusto mong ipa-annul ang kasal natin. Lumipad ako patungong Amsterdam sa pag-asang magbabago ka ng isip. Umasa akong pabalik mo ako dito sa pamamahay mo,” puno ng hinanakit na sambit niya.

Biglang sumeryoso ang mukha nito at tumingin ito sa malayo. “Here we go again, Ashley. Parati mo na lang bang uungkat in ang mga bagay na matagal na nating napag-usapan?”

“Napag-usapan? Wala akong natatandaang nangyaring pag-uusap sa pagitan natin. Ikaw lang ang nagdesisyon ng lahat. Kahit anong pakiusap ko na manatili dito noon, hindi mo ’ko pinakinggan. Ikaw

lang ang nagdesisyon na ipa-annul ang kasal natin. Hindi ba dapat mo ring pahalagahan ang opinyon ko, ang gusto ko?”

Tumitig ito sa kanya. “At ano ang gusto mo? Ang habang-buhay na matali sa isang inutil na tulad ko?” matigas na tanong ng lalaki.

“Oo! Bakit ba ayaw mong pagsilbihan kita? Bakit pilit mo akong itinataboy sa buhay mo? Ano pa ba ang pagkukulang ko, Gary? Sabihin mo sa akin.”

Naiyukom nito ang kamay, “Wala kang pagkukulang sa akin, Ashley. Ako ang malaki ang pagkukulang sa ’yo, hindi mo ba ’yun maintindihan?”

“Ilang beses ko rin bang sasabihin sa ’yo na hindi mahalaga sa akin ang mga pagkukulang mo? Naiintindihan kita, Gary, handa akong magsakripisyo para sa ’yo.”

“Stop it, Ashley. Hindi ka ba napapagod sa kauulit niyan? Kung hindi mahalaga sa ’yo ang mga pagkukulang ko, puwes, mahalaga sa akin! Impyerno ang nararamdaman ko habang kapiling kita. Ni hindi na kita kayang ipagtanggol, hindi kita kayang kargahin. I’m so helpless! At ang higit na masakit pa sa akin, hindi ko magampanan ang tungkulin ko sa ’yo bilang asawa, I can’t even make love to you, for



heaven's sake!"

"G-Gary, it doesn't matter—"

Humalagpos na ang tinitimping emosyon ng asawa, nag-alsa na ito ng boses. "But it matters to me, damn it! Ilang taon na tayong mag-asawa? Halos magtatatlong taon na, ano sa palagay mo ang nararamdaman ko sa katotohanang birhen pa hanggang ngayon ang asawa ko? Isa akong inutil! Hindi mo ba 'yun maintindihan?"

"G-Gary—"

Medyo bumaba ang tono ng boses nito. "Look, Ashley, kung ipagpipilitan mong manatili pa dito sa pamamahay ko, you'll be killing me softly. Mas gugustuhin ko pang tuluyan nang maghiwalay ang mga landas natin kaysa habang-buhay kang narito sa tabi ko at habang-buhay ko ring iindahin sa konsensya ko ang pagsira sa buhay mo."

"Gary, hindi mo sisirain ang buhay ko."

"Hindi ko sisirain? You think I'm stupid, Ashley? Paanong hindi ko sisirain ang buhay mo kung hindi kita bibigyan ng pagkakataon na lumigaya sa piling ng iba? Sapat na ang ginawa mong pagsisilbi at pagpapakita mo ng pagmamahal sa akin. Pero sa pagkakataong ito, pinaninindigan ko na, at wala

nang makakapagpabago sa isip ko. Itutuloy ko ang annulment ng kasal natin, at papanigan ako ng korte dahil unconsummated ang pagsasama natin.”

“Gary, mahal na mahal kita. Please... huwag mo itong gawin sa akin.”

Malungkot na ngumiti ang lalaki sa kanya. “Kung sinabi mo sana ’yan sa akin bago nangyari ang aksidente, maniniwala pa ako sa ’yo, Ashley. Pero ngayon, tanggap ko nang mas nananaig sa ’yo ang awa mo sa akin kaysa sa pagmamahal. Maybe you love me in your own way, but it’s not the same as before. Marami nang nagbago sa pagitan nating dalawa, Ashley. Iisa lang ang hindi na mababago—ang kalagayan ko.”

“Nakakalimutan mo na ba ang pangako na binitawan natin sa isa’t isa?” panunumbat niya.

“Promises are made to be broken. At sa kaso nating dalawa, hindi kita dapat obligahin na tuparin ang sinumpaang pangako dahil marami rin akong mga pangako sa ’yo na kailanman ay hindi ko na matutupad. Balang araw, tuluyan ko na ring matatanggap na wala ka na sa buhay ko. Mahirap lang simulan ang paghihiwalay natin pero tanggapin mo na. Para na rin sa ikapapanatag ng kalooban natin.”

“Gary, hindi ako papayag—”

“End of discussion, Ashley. Huwag mo tayong pahirapan. Tama lang ang desisyon ko. Balang araw ay pasasalamatan mo rin ako.” Pagkasabi niyon, dinampot nito ang isang maliit na bell at pinatunog iyon. Hindi nagtagal isang private nurse ang lumapit sa kanilang dalawa.

“May kailangan po kayo, Sir Gary?”

“Oo, Corazon. Pakihatid mo ako sa kuwarto. Gusto ko munang magpahinga, mamaya ko na lang ipagpapatuloy ang pagpipinta.” Bago itinulak ang wheelchair nito, malungkot na tumingin sa kanya ang asawa. “I’m sorry, Ashley, but I have to rest. Antayin mo na lang ang lawyer ko, tatawagan ko siya mamaya at ipapaalam na narito ka na. This time, Ashley, pirmahan mo na ang mga dokumento, pakiusap.” At sinenyasan nito si Corazon na ituloy na ang pagtulak sa wheelchair.

“Hindi ako susuko, Gary. I promise you that,” naluluhang habol niya sa asawa bago tuluyang inilayo ng nurse.

Love on Thin Ice

# PROLOGUE

“Next on the ice are Breanna Rodriguez and Gabriel Harrison!”

Nanlalamig ang kamay ni Breanna nang hawakan ito ng huli. They were at the *Savvis Center* in St. Louis, Missouri competing in one of the the most prestigious skating events of the season. Pangalawa sila sa sectionals qualifying competition kaya ngayon ay kasama sila sa *US Figure Skating Championships* o tinatawag na Nationals. Kung papalarin silang makasama sa mga top finishers makakasali sila sa US Team para sa *Winter Olympics at World Figure Skating Championships*.

Nagtatanong ang mga mata ni Gabe kay Breanna kung handa na ba siya. Sa kabila ng kabang nararamdaman ng dalaga ay hindi natakpan niyon ang kilig na nararamdaman niya tuwing nakatitig sa kanya ang mga mata ng ka-partner sa pairs skating.

She squeezed his hand and replied, “This is it! Let’s show them what we’ve got!” matapang na pahayag niya habang humahakbang patungo sa yelo.

She wore a maroon velvet costume with gold

trimmings that only covered the upper portion of her thighs, while Gabe wore black fitted pants with matching loose flowing white shirt.

While waiting for the music to play, she gazed at his handsome face one more time and took a deep breath. Nang marinig niya ang mga unang nota ng ‘*A Time For Us*’ na theme song sa *Romeo and Juliet*, agad nawala ang kanyang kaba at nadala siya ng himig ng tugtog. She skated confidently and Gabe’s reassuring touch made her accomplish the jumps and spins effortlessly.

Malapit na silang matapos sa program nila nang hindi nagkakamali, kasalukuyan nilang ginagawa ang pairs sit spin kung saan magkakarap sila at hawak ni Gabe ang ibabang bahagi ng kanyang likod habang sabay sila sa pag-ikot. Ang kailangan na lang nilang gawin ay ang triple twist kung saan itataas siya ng partner niya at bibitiwan siya nito pagkatapos ay iikot siya nang tatlong beses at sasaluhin siya nito nang nakahawak sa baywang niya. Laking pasasalamat ni Breanna nang maayos nila itong nagawa.

Sa gitna ng malakas na palakpakan nang matapos ang routine nila ay hindi nila mapigil na magyakapan sa gitna ng rink sa nag-uumapaw na kaligayahan dahil perpekto nilang na-execute lahat ng moves na

matagal nilang pinag-ensayuhan.

“What an unbelievable performance! I’m pretty sure they’ll grab the first place this time!” anang commentator.

Tuwang-tuwa si Breanna dahil dama niya na sa pagkakataong iyon ay makukuha na nila ang gold medal. Noong mga nakakaraang seasons, silver ang madalas nilang makuha.

Sila ang huling pares na nag-skate kaya malalaman nila agad pagkarinig pa lamang ng mga marka nila kung sila ang nag-first place.

Pigil ang hiningang pinakinggan nila ang scores nila sa kiss and cry area. Natakpan ni Breanna ng dalawang kamay ang bibig sa narinig, hinawakan naman ni Gabe ang dalawa niyang balikat habang inaalog siya, bakas sa mukha ang kaligayahan nang mapagtanto na sila ang nanalo ng gold medal.

He hugged her tightly. Nang magkahiwalay sila ay bigla siyang hinalikan ni Gabe sa labi... in national television!

“I can’t believe this, B! We actually won!” excited na sabi nito.

Simula nang maging mag-partner sila apat na

taon na ang nakalililipas ay binansagan na siya nitong 'B' na hanggang ngayon ay tanging ang binata lang ang gumagamit.

*He just kissed me!*

She heard the warning bells in her head, telling her not to expect too much. She was deliriously happy to pay attention to those thoughts kaya hindi pa rin niya naiwasan na umasang may kahulugan para sa lalaki ang halik na ibinigay nito sa kanya.

“We’re actually going to Torino!” parang wala pa rin sa sariling sabi niya. She was thrice as happy because she was sharing her triumph with Gabe and the kiss he gave her was another reason to celebrate.



# 1

“Sorry, Mandy! Late na nakarating si Katya kanina sa rink galing sa school niya kaya ngayon lang kami natapos,” humahangos na bungad ni Breanna sa tauhan niya na nagbabantay sa shop niya kung saan mga gamit sa ice skating ang mga paninda.

Mula sa basement kung saan naroon ang ice skating rink ay tinakbo niya ang hagdanan pataas sa ground floor ng *Megamall*. Bukod sa negosyo niya ay abala rin siya sa pagtuturo ng ice skating sa iba’t ibang levels.

Pinagmasdan ni Mandy ang amo. Namumula ang makinis na kutis nito at nakakawala na sa pony tail ang ilang hibla ng chestnut brown na buhok. Gaya ng dati, sa tuwing katatapos lang magturo sa mga bata na mabilis nakukuha ang mga pinapagawa nito ay kumikislap ang hazel brown na mga mata ni Breanna dahil sa excitement. Ang mapupulang labi ay nakangiti. Palaisipan pa rin empleyada kung bakit sa kabila ng kagandahan at kabaitan ng amo ay wala pa rin itong nobyo sa edad nitong twenty-five.

“Okay ka lang ba? Parang hihikain ka na diyan, ah,” natatawang sabi ni Mandy.

Itinuturing ni Breanna ang tauhan na parang kaibigan kaya naman kung mag-usap sila nito ay parang hindi sila mag-among.

Ikinumpas niya ang kamay para itaboy ito. “Sige na, mag-break ka na. Isang oras nang late ang break mo.”

“Eh, ikaw? Hindi ka pa rin yata kumakain, ah? Gusto mo bang magpabili na lang para pagbalik ko makakain ka kaagad?” anito habang kinukuha ang wallet mula sa bag na nasa cabinet ng counter.

Umiling siya. “Okay lang ako, pagbalik mo na lang. Parang gusto ko kasing kumain ng beef stroganoff sa *Sugar House*, eh.”

“Naku! Naglililihi ka na ’ata!” pabirong anang kausap bago lumabas ng tindahan.

“Sira! Paano namang mangyayari iyon? Ano ako, naengkanto? Kumain ka na nga, halatang gutom ka na, eh!” balik niya.

Kalahating oras na rin ang nakalipas mula nang umalis si Mandy. Matumal noong araw na iyon kaya minabuti ni Breanna na magbasa na lang habang hinihintay bumalik ang tauhan. Tuluyan na niyang inalis ang pagkakatali ng buhok at isinandal ang stool sa pader at sinimulang basahin ang kalalabas lang

na libro ni Dan Brown.

While reading, she absent-mindedly toyed with her ice skating shoe-shaped gold pendant hanging from a gold chain. Nang mapansin kung ano ang ginagawa ay napabuntong-hininga siya.

*Bakit ba kasi pinahihirapan mo ang sarili mo?  
Take the damn thing off and get on with your life!*

Muling nagbalik sa alaala niya ang taong nagbigay sa kanya ng kuwintas at pendant na iyon.

Ang ama ni Breanna ay isang Filipino habang ang ina niya ay American. Sa Chicago na siya pinanganak at lumaki. Napilitan silang mag-relocate sa New York dahil naatasang mamuno ang ama niya sa bagong bukas na branch ng kompanyang pinagtatrabahuhan nito.

Bata pa lamang ay hilig na niya ang mag-ice skate na sinuportahan naman ng mga magulang bagaman wala siyang lakas ng loob na sumali sa mga competition.

Nang mapunta sila sa New York ay sumali agad siya sa *Skating Club of New York*. Madalas siyang nagpupunta sa *Sky Rink* sa Chelsea Piers kung saan madalas mag-practice at mag-lessons ang mga nais sumali sa mga competitions at doon niya nakilala si

Gabe...

*Pagkatapos niyang basahin ang mga tips kung paano gawin ang triple toe loop ay pinagmasdan ni Breanna ang mga skaters sa paligid, naghahanap ng puwede niyang gayahin, kahit matagal na noong huli siyang mag-lessons ay natutunan pa rin niya ang mga jumps at spins sa pamamagitan ng pagbabasa at panonood sa iba .*

*Here goes nothing... She gathered speed and did a right forward inside three-turn and vaulted into the air with the help of her left toe pick and crossed her arms over her chest, rotated counter clockwise three times and landed steadily on her right foot.*

*Hindi napigilan ng dalaga ang sarili na sumigaw ng, "Yes! Yes!" kahit wala siyang kausap. Laking gulat niya nang may narinig siyang malalim na tinig ng lalaki sa likuran niya.*

*"Nicely done!" anito.*

*Agad niyang nilingon ang pinanggalingan ng boses at pagharap niya ay isang malapad na dibdib ang sumalubong sa kanya.*

*Saglit na nawalan ng balanse si Breanna nang bumangga siya rito at isang braso ang pumulupot agad sa kanyang baywang para ituwid siya ng tayo.*

*Dahan-dahan niyang iniangat ang tingin at nakita ang sarili na nakatitig sa isang pares ng kulay-emerald na mga mata, ash brown ang makakapal at mahahabang pilikmatang nasa ibabaw niyon.*

*She was hypnotized by those green eyes even before she noticed the heart-stopping smile of the guy who was still holding her. Nahirapan siyang huminga nang mga sandaling iyon, tumuwid agad siya ng tayo at nahihiyang lumayo sa lalaki.*

*“I’m sorry I startled you. I was just amazed at how you landed that jump. I saw you looking at a book a while ago and watching one skater do a triple toe. I assume that this is the first time you tried doing it?”*

*Ngitian din niya ang estranghero. “Uhm, yeah it is. Just got lucky, I guess,” she said humbly.*

*Simula noon ay lagi na silang nagbabatian ni Gabe tuwing magkikita sa rink. Minsan matapos silang mag-skate ay inaya siya nitong mag-snack. Habang kumakain sila ay tumawag naman sa cellphone niya ang kanyang daddy.*

*Bagaman sa States na nanirahan ay Tagalog pa rin kung kausapin siya ng ama para kahit paano raw ay hindi niya malimutan ang kanyang Filipino heritage.*

*“Yes, Dad, nandito pa rin po ako sa Chelsea Piers*

*kasama ko iyong isang skater din. Pagkatapos naming mag-snack, uuwi na po ako agad, don't worry," paliwanag ni Breanna nang tanungin siya kung bakit wala pa rin siya sa bahay.*

*"Marunong kang mag-Tagalog?" nanggigilalas na tanong ni Gabe.*

*Namilog ang mga mata ng dalaga. "Shouldn't I be asking you that question?"*

*Tumawa ito. "You should see your eyes, para kang anime! Of course, I speak Tagalog. My mom is half-Filipina, my dad's American, 'though. Lola, 'yung nanay ng mom ko, insisted na dapat magkatabi kami ng bahay kaya lagi akong nasa house niya and she wouldn't talk to me in English. Lagi pang TFC ang pinapanood niya. I thought Hispanic ang roots mo because of your last name."*

*Umiling siya. "No, my father is from the Philippines. Majority ng surnames doon ay Spanish ang origin so medyo kapareho ng mga Hispanics. But I suppose you know that already."*

*"Actually, hindi. Masaya na si Lola na I can speak her language. She didn't make me study her country's history anymore," nakangiting sabi nito. "This is so cool! Now I have someone else to talk to in a different*

language!”

*Simula noon ay hindi na sila mapaghiwalay. Madalas ay sinusundo at hinahatid pa siya ni Gabe sa bahay nila tuwing pupunta sila sa rink.*

*Magaling din itong skater, kung minsan ay binibigyan pa siya ng mga tips kapag mayroong jump o spin na nahihirapan siyang gawin.*

*Minsan habang nanonood ng re-run sa isang sports channel ay may nakuha ang kanyang atensyon. I knew he looked familiar!*

*“Why didn’t you tell me you were a two-time World Champion?” she asked him the next day accusingly.*

*Nagkibit-balikat lang ito. “Hindi ka naman nagtatanong!” pamimilosopo ng lalaki. “And besides, ano naman ang gusto mong sabihin ko? Hi! I’m Gabe, two-time World Champion?”*

*She couldn’t help but laugh at his joke. “Okay, fine! It just feels strange that all this time I was hanging out with a champ.”*

*“It’s no big deal, it’s not like I won the Olympics,” he said modestly.*

*“Eh, bakit nga ba hindi?” nagtatakang tanong ni Breanna. Last year pa ang competition na napanood*

niyang kasali si Gabe. Sa husay nito, sa tingin niya ay may laban ang kaibigan. Olympic year na sa susunod na taon pero mukhang hindi pa rin ito nag-eensayo para sa mga qualifying competitions.

Humugot ito ng malalim na hininga at naging malungkot ang mga mata. “It’s a long story.”

Tumingin siya sa relo. “We just got here. Mayroon pa akong tatlong oras para makinig sa story mo,” pilit ng babae.

Nakuha rin niya ito sa pangungulit.

“I was trying to do a quad jump and I fractured my lower leg. It took me a while to recover. When they removed the cast, I started having difficulties with my quads. Competition is already tight without an injured leg, so why bother?”

May punto ito kaya kahit paano ay na-guilty si Breanna na pinilit pa niya itong magkuwento; nagbago tuloy ang mood nito.

Hindi naman ito nagalit sa kanya pero bakas sa mukha ng kausap ang panghihinayang. Iyon siguro ang isa sa mga nagustuhan niya sa lalaki. Bukod sa guwapo na, magaling na skater, hindi mayabang at hindi temperamental.



*Sayang nga lang at tila pinagpapraktisan lang siya ni Gabe ng Tagalog dahil sa loob ng dalawang buwan nilang laging pagkakasama sa rink ay hindi pa siya nito inayang mag-date.*

*She was just his skating buddy, pero kahit ganoon ay masaya na siya kahit na kaibigan lang ang tingin nito sa kanya.*

*“Sige na, tama na ang drama.” Pilit na ngumiti si Gabe sa kanya. Napalingingon ito sa isang pares ng lalaki at babae na nag-eensayo.*

*Sinundan niya ang tingin nito at may mga ngiting naglaro sa kanyang labi. Nasa likod ng babae ang lalaki magkahawak ang kamay habang ang isang kamay ng huli ay nasa baywang ng una. Mayamaya ay binuhat ng lalaki ang babae at itinaas sa ere na isang kamay lang na nakahawak sa hita ng babae ang gamit.*

*I wonder how it would feel if that were me and Gabe?*

*Marahil ay halata sa expression ng mukha niya kung ano ang iniisip dahil yumuko si Gabe at halos mapanganga siya sa tanong nito.*

*“Gusto mong subukan?”*

*She stared at him incredulously. “What? Are you*

*kidding me?”*

*“Halika na! You know how to jump and you know how to spin! Wala namang pinagkaiba ang ginagawa nila sa ginagawa mo nang mag-isa.”*

*Kumunot ang noo ni Breanna at umiling. “Ayoko nga! Baka mabasag pa ang bungo ko at magkalat pa utak ko sa ice kapag nabitiwan mo ako.”*

*He chuckled. “Ang morbid mo naman. Sige na! Daredevil ka naman, di ba?”*

*Nang makita nito ang hindi matinag na expression sa kanyang mukha ay nakipag-compromise ito. “O sige, walang throws, lifts or twists. Let’s just do crossovers together and then some side by side jumps saka spins. Nagagawa mo naman iyon dati. Ang pinagkaiba lang, sasabayan kitang gawin iyon. Doubles lang muna, ha! Baka magpakitang gilas ka pa ng mga triple jumps mo.”*

*Napangiti siya sa pagbibiro ng binata at napapayag din siya nito sa bandang huli.*

*Hinawakan ni Gabe ang baywang niya at isang kamay, their bodies aligned when they started with crossovers, crossing one foot over the other and gliding. Isinabay nila ang mga galaw nila sa instrumental version ng ‘Somewhere In Time’.*

*Love on Thin Ice - Leira Carlos*

---

*It was exactly how she thought it would feel. Pakiramdam ni Breanna ay siya si Cinderella at kasayaw niya si Prince Charming. He was so gentle with her. His words of encouragement banished all traces of fear.*

*Maganda ang resulta ng impromptu routine nila kahit na walang lifts dahil delikado iyong gawin kung walang proper coaching at harness lalo't unang beses pa lang susubukan.*

*Skating with Gabe and having his arm around her as they glide was exhilarating. Dahil doon, agad siyang sumang-ayon nang alukin siya ng lalaki na mag-train sila para sa pairs skating.*

*Coach ang ama nito kaya iyon na ang humasa sa kanila. Supportive ang binata; kahit kung minsan ay natatagalan sila sa isang element ay hindi ito nagagalit sa kanya. Kapag naiinis si Breanna sa sarili dahil hindi niya ma-perfect ang isang jump, ginagawa nito ang lahat para ikonsola siya. Hanggang ngayon ay palaisipan sa dalaga kung bakit kahit nakakaya na ni Gabe na gawin ang lahat ng triple jumps at quads ay hindi ito agad bumalik sa pagiging singles skater.*

*Sa kabila ng pagiging baguhan nila sa pairs skating, kadalasan silang nagkakamit ng silver medals. Mailap man sa kanila ang gold sa World Championships.*

*Isang malaking milestone naman para sa kanila ang makasama sa 2006 Winter Olympics.*

As if thinking of Gabe invoked his presence, he materialized in front of her, bringing Breanna's thought back to the present time.

Makailang ulit siyang kumurap pero hindi pa rin naaalis sa harapan niya ang lalaking kanina lang ay iniisip niya.

## 2

“Gabe? What are you doing here?” Hindi pa rin mapaniwalaan ni Breanna na nasa harap niya ang kaibigan at lalong hindi niya mapaniwalaan ang bumibilis na kanyang pulso sa kabila ng ilang taong hindi nila nito pagkikita at sa sama ng loob niya rito.

Malapad ang ngiti ng lalaki. “Nagbabakasyon lang. Kararating ko lang yesterday, I’m staying at *Crowne Plaza*. Naisipan ko lang mag-ikot dito ’tapos pagdaan ko sa labas, I thought I saw you so I came in.”

She consciously brushed her hair with her fingers.

*Grr! Kung kailan naman hindi ako nakapag-ayos. Teka, bakit nga ba ako magbo-bother, eh iniwan ako sa ere nito.*

Matipid na ngiti ang tinugon niya kay Gabe. “Ah, talaga? Good for you.”

Napalis ang ngiti sa mga labi ng kaharap nang maramdaman ang malamig na pagtanggap ni Breanna.

Siya namang dating ni Mandy.

“Ikaw naman ang kumain. May lesson ka

mamayang six, hindi ba?” Napansin ng empleyada niya ang lalaking nakatayo sa harap ng counter. Tiningnan nito ang binata at makahulugang ngumiti.

“Oo, may schedule kami ni Mica.” Kinuha agad ni Breanna ang bag niya at hinarap muli si Gabe. “I have to go, feel free to look around. See yah!”

Tinanguan niya ang binata at paglabas niya sa counter ay nagmamadali siyang humakbang palayo rito.

Rude na kung rude, tama na ang anim na taong kahibangan.

“I kind of hope we could catch up, B. May I come with you?” Nakikiusap ang tingin nito sa kanya.

*Catch-up-in mong mukha mo.*

Kumunot ang kanyang noo. “Huh? I’m quite in a hurry. Maybe next time, Gabe.”

“Uy, sayang naman, pasamahin mo na! Sa dalawang taong pagkakakilala ko sa ’yo, hindi pa kita nakitang may kasamang date. Malay mo, heto na ang magiging jowa mo,” singit ni Mandy sa kanila.

Namula ang mga pisngi ni Breanna sa pagbuking ng babae sa zero lovelife niya.

*That's what you get when you don't maintain an employer-employee relationship. Lihim niyang tinapunan ng warning look si Mandy. Lagot ka sa akin mamaya!*

Gabe's eyebrow quirked in amusement and a soft smile tugged at the corners of his finely chiseled lips. "Oo nga naman, B. Sayang naman, hindi ka pala madalas mag-date."

Natutop ni Mandy ang bibig nang marinig ang sinabi ng lalaki.

Kumulo naman ang dugo niya sa narinig at hindi nakatulong ang tila naaaliw na ekspresyon ng mukha nig dati niyang ka-partner. Her ego took a huge blow.

"Wala akong date dahil wala akong panahon, okay? I'm not that desperate, Gabe. Bakit hindi mo na lang ituloy ang pag-iikot sa mall hanggang sa mahilo ka, at saka ka bumalik sa hotel mo."

Masayang pinanood ni Mandy ang nagaganap sa harapan nito. Kulang na lang ay popcorn. Ngayon lang nito nakita ang amo na nagtaray.

Sa halip na patulan ang pagsusungit ni Breanna ay nakiusap muli si Gabe sa kanya. "Sige na, sasamahan na kita. Saan mo ba gustong kumain? Treat ko."

“*Sugarhouse!* Gusto raw niya ng<sup>3/4</sup>”

Natahimik agad ang kanyang makulit na tauhan nang bigyan niya ito ng nakakalusaw na tingin.

Gabe shot Mandy a grateful smile at hinawakan ang siko ni Breanna. Labag man sa kanyang kagustuhan ay ginabayan siya nito palabas ng shop niya. Wala na siyang nagawa kundi isama ito.

---

Magkaharap sila sa isang mesa na pandalawahan sa *Sugarhouse*, hinihintay nilang dumating ang order nila. Nakapatong ang dalawang siko ni Breanna sa mesa at nakayuko siya, trying desperately to avoid Gabe’s penetrating gaze.

“So, what have you been up to?” panimula nito.

Saglit siyang nag-angat ng ulo, tiningnan ito at ibinaling ang tingin sa kanyang relo. Mayroon pa siyang isang oras bago niya turuan si Mica.

*What does this man want from me anyway?*

“There’s not much to tell. I’m just pretty busy with my shop and with coaching,” matipid na sagot ni Breanna. Siguro kung isang tanong, isang sagot lang ang gagawin niya rito, mababato ito at iiwan siya.



“So that means you still love skating, right? Considering na iyon pa rin ang line of work mo,” he prodded without taking his eyes away from her face.

“I guess.”

“Ako, I don’t skate that much anymore. I retired and opened a shop like yours in Brooklyn.” Ito na ang nagboluntaryo ng impormasyon tungkol sa sarili dahil hindi siya nagtanong.

“Interesting,” she said in a bored tone.

Wala sa loob na pinaglaruan ng dalaga ang pendant na nakasabit sa kanyang leeg. Tuwing naiinip siya o hindi komportable ay naging habit na niya iyon.

Napukaw ng ikinilos niyang iyon ang atensyon ni Gabe. “I see you still do that a lot,” sabi nito.

Muli niyang iniangat ang ulo at humihingi ng paliwanag ang mga mata niya sa sinabi ng binata.

Bilang tugon ay hinawakan ng lalaki ang kamay niyang nakahawak sa pendant at inalis iyon sa pagkakahawak doon.

“This. Tying with...” Natigilan ito at bumitiw sa pagkakahawak sa kamay niya nang makita na ang kuwintas at pendant na nakasabit sa kanyang leeg ay ang mismong bigay nito sa kanya maraming taon

na ang nakakaraan.

*Shit! I should have replaced this a long time ago!  
I must look pathetic still holding on to this thing.*

Luck was on her side dahil dumating na ang orders nila sa eksaktong sandaling iyon. Bigla niyang binago ang pakikiharap sa binata; baka sakaling mailihis niya ang atensyon nito mula sa pendant na limang taon na sa kanya.

“Oh good, we could eat now. You should try their stroganoff, it’s really good. Gusto mo?” pag-aalok ni Breanna.

“Talaga? Sige nga, subuan mo ako,” utos ng kaharap sa kanya.

Noong mag-partner pa sila sa skating, sabay sila palagi kumain at hindi na iba sa kanya ang pinagagagawa nito. Marami nga ang nag-aakala na they were partners on and off the ice. Lagi niya iyong itinatanggi, not that she didn’t hope that they were.

Natanggap na nga lang niya sa sarili na skating buddy at isang malapit na kaibigan lamang ang turing ni Gabe sa kanya at hindi siya dapat umasa ng kung anupaman. Sa tinagal na magka-partner sila, they have both been in and out of relationships. Pero dahil siguro sa dami ng oras na ginugugol nila sa training,

their relationship with people outside the skating circle always failed.

“Masarap nga! Here try this,” komento ng binata matapos niyang subuan.

Sinubuan naman siya nito ng order nitong *pigs in a blanket*. Pinunasan pa nito ang ketchup na nasa gilid ng kanyang bibig.

Her initial hostility toward him slowly diminished. How could she possibly stay mad at him kung ganito pa rin ka-sweet sa kanya ang lalaki, kahit pa kanina ay magaspang ang pakikitungo niya rito?

Habang kumakain ay kung anu-ano ang napag-usapan nila. Much to her relief, hindi ito nagbanggit ng kahit anupaman tungkol sa skating.

Ayaw na niyang maungkat pa ang nangyari matapos silang lumaban sa *2006 Winter Olympics* sa Torino kung saan ang nanalo ng inaasam-asam nilang gold medal ay ang mga Russian na sina Tatiana Totmianina at Maxim Marinin.

Para sa kanya ay mas mabuti pa na ganito na lamang sila. Wala namang magagawang kaibahan kung mauungkat pa ang nakaraan.

Nang sulyapan niyang muli ang relo niya ay

fifteen minutes na lang bago magsimula ang lesson nila ni Mica kaya nagpaalam na siya sa binata.

“Ihahatid na kita sa rink.”

Umiling si Breanna habang natatawa. “Hindi na! Ano ka ba, sa basement lang iyon, ihahatid mo pa ako? Para namang mawawala ako. Just enjoy your vacation, okay? It has been great catching up with you.”

Kinuha ng dati niyang partner ang bag na pinaglalagyan niya ng skating shoes. “I insist!”

Wala na siyang nagawa kundi sumang-ayon.

Pagdating nila sa rink ay iniabot na nito sa kanya ang bag.

“It was really good to see you again, B. Thanks pumayag kang samahan kitang kumain.”

She smirked at him. “Eh, binigyan mo ba ako ng choice?” He looked slightly offended kaya dinugtungan niya agad iyon ng, “Just kidding. It was nice seeing you, too. So paano, I have to go.”

Nginitian pa niya ang lalaki at nang makita niyang tumalikod na rin ito para umalis ay naglakad na rin siya papasok sa rink at nagpalit na ng skating shoes.

Mabilis na lumipas ang oras habang tinuturuan ang teenager na one length ang buhok at balingkinitan ang katawan.

Isa sa mga paborito niya si Mica. Kahit kasi ilang beses na itong bumabagsak sa yelo ay hindi ito sumusuko sa pagsubok na ma-perfect ang isang jump.

“Just try to do more leg exercises para mas solid ang mga landing mo, okay?”

“Yes, Coach. Next week na lang ulit.”

Pagkalabas niya ng skating rink ay bumungad agad sa kanya ang nakangiting mukha ni Gabe.

“Didn’t I see you leave before I went inside?” namamanghang tanong niya.

He grinned sheepishly at her. “I tricked you, gusto kasi kitang panoorin. I’m sure hindi ka papayag considering na muntik mo na akong hindi pasamahin sa ’yo kanina sa *Sugarhouse*.”

“Ano naman ang mapapala mo sa panonood sa akin?”

Hindi niya alam kung matutuwa o maiinis sa ginawa nito at hinintay pa siyang matapos.

“Wala lang, I just want to watch you skate.”

Tumaas ang kilay ni Breanna. “Hindi naman ako nag-skate, eh. I just demonstrated a jump and told Mica what to do,” pamimilosopo niya.

Tumahimik lang ito at kinuha na mula sa kanya ang bitbit niyang skating bag.

Ayaw niya iyong bitiwan. Bumuntong-hininga siya sa halip. “Gabe, what are you doing?”

His hypnotic eyes looked at her. “Asking you to have dinner with me.”

# 3

Breanna was caught off guard with what Gabe said.

May iba sa paraan ng pagkakayaya nito sa kanya. Hindi iyon katulad dati noong mag-partner pa sila sa skating na parang kabarkada lang niya ang inaaya.

“Kakakain lang natin an hour ago. Hindi naman ganoon kabilis ang metabolism ko para gutumin ulit.”

He gave her a look that said he would not take no for an answer. “Okay, point taken. Let’s watch a movie then. Pagkatapos, saka na lang tayo mag-dinner.”

*Is he asking me out on a date?*

Nag-iisip pa ang dalaga ng itutugon dito, pero mukhang nabasa nito ang naglalaro sa kanyang isip. The dubious look on her face gave her away.

“It’s not a date. Just two old friends na hindi nagkita nang matagal doing things just like the old times,” agap nito.

*Ouch! Just like the old days nga. Isang araw ko pa lang siya nakikita, he’s messing up with my feelings na agad.*

“Tingin ko, hindi ako ang nasa isip mo kasi we never went to see a movie together. Let me refresh your memory. When we were still skating together, we would just have some snack afterwards if our sore feet could still carry us to the snack bar,” she snapped without caring if she sounded like she was sourgraping.

“Eto na nga ang chance para magawa natin iyon. Wala ka namang gagawin, di ba?” mahinahong sabi ni Gabe na hindi pinansin ang iritasyon sa kanyang tinig.

Kung tatanggi si Breanna, iisipin nito na higit pa sa friendly date ang gusto niya. Kung sasama naman siya, alam niya na hindi niya mapipigil ang sarili na isiping date nga iyon, kahit na ilang ulit pa niyang pagalitan ang sarili. His every gesture always had that effect on her. Parang pinaaasa siya na may malalim na pagtingin din ang binata para sa kanya.

Sinubukan niya muling tanggihan ang dating skating partner. “Let me get this straight. Nagpunta ka sa Manila para magbakasyon, pero ang gusto mong gawin ay manood ng sine? Wow, you sure traveled a long way para lang manood. Marami namang sinehan sa New York, ah.”

He sighed exasperatedly. “Why are you being so



difficult, B? Are you still holding a grudge against me dahil sa nangyari n'un sa *Olympics*?"

The nerve! Pinikit ng babae ang mga mata nang mariin at pilit na pinakalma ang sarili.

"That was a long time ago, Gabe. If you haven't moved on, I have. Don't ever bring that up again," nanggagalaiting asik niya.

Nasapol siya sa sinabi nito, pero mas komplikado pa roon ang dahilan.

Sumuko rin siya dahil kailangan niyang pangatawanan ang sinabi niyang limot na niya ang *Olympics*.

"Tell you what, I'll watch a movie and have dinner with you, but you'll let me make plans for you para may magawa kang iba sa bakasyon mo." *At para tantanan mo na ang panggugulo sa utak ko.* "Deal?"

Muli niyang nakita ang ngiting laging nagpapabilis ng tibok ng kanyang puso, kasama pa ang dalawang maliliit na dimples sa gilid ng labi nito. Pinisil pa ng binata ang ilong niya.

"Absolutely!" masayang ani Gabe.

Napagpasyahan nilang manood ng '*Angels and Demons*' sa *Shangri-La Plaza Mall*.

Gaya ng inaasahan ni Breanna, sa kabila ng pagiging aloof niya rito, sa loob-loob ay naghahalo ang kanyang emosyon. Pilit niyang kinukumbinsi ang sarili na hindi iyon date at pahihirapan lang niya ang sarili kung bibigyan niya iyon ng kahulugan.

She found it strange that she felt giddy just by sitting next to Gabe when she spent almost every waking hour for four years holding hands with him and being held at her waist by him. But then again, that was business. Kailangan nilang gawin iyon.

Noong una ay iba rin ang pakiramdam ng babae kapag magkahawak sila ng kamay, pero kinalaunan ay nasanay na rin siya dahil alam niya na wala namang kahulugan iyon para sa binata.

Tahimik nilang pinanood ang palabas. She was terribly disappointed nang matatapos na ang pelikula ay ni minsan hindi siya inakbayan ni Gabe o kinuha man lamang ang kanyang kamay.

“Mas gusto ko iyong ‘*Da Vinci Code*,’” komento niya, sinusubukang itago ang dismaya sa kasama.

“Yeah, me too. Ano ang gusto mong kainin?” tanong nito habang tinitingnan siya.

Hanggang baba lang siya nito kaya pagtingala ni Breanna, mga labi nito ang una niyang nakita.

*Can I have your lips for dinner?*

She mentally shook her head to dispel the crazy thought from her head.

“Sa *Wham* na lang siguro, okay lang ba sa ’yo ang burgers and wedges?”

“Oo naman,” walang atubiling sagot ng kausap.

Pinagmasdan siya ni Gabe habang kumakain. “You know, iyan ang gusto ko sa ’yo. Hindi ka obsessed sa figure mo. You just eat whatever you want and as much as you want.”

Napatigil ang dalaga sa aktong pagkagat sa hamburger. Umasim ang kanyang mukha. “Eh? Ano’ng gusto mong palabasin, patay-gutom ako?”

“Hey! I didn’t mean that in a bad way! I enjoy eating with you kasi hindi ka nagwo-worry na fattening ang kinakain mo o kung mabu-burn mo ba ang kinain mo di gaya ng iba. Nakakawalang-gana kasi kapag gan’un ang kasabay mong kumain.”

Napangiti na rin si Breanna sa sinabi nito at nagkibit-balikat. “What can I say? I’m a growing girl and I need my nourishment.”

Tumawa ang kausap. “I always enjoyed your company. I wish we could do this more often. When

we were a team, we never had the chance to talk and do anything else besides skating.”

*Don't blame me, pal. Ikaw naman 'tong ayaw akong yayaing mag-date, eh.*

Sa halip na sabihin iyon ay hindi na lang kumibo ang dalaga at uminom na lang ng softdrinks.

Pagkatapos nilang kumain ay nagboluntaryo na si Breanna ihatid ang lalaki sa hotel nito.

Sa isang studio condominium sa tapat ng *St. Francis* na simbahan siya nakatira kaya nilalakad lang niya ang rink. Sabay silang naglakad ni Gabe papunta sa parking niya sa building na kanyang tinitirahan.

Kapwa sila tahimik sa sasakyan. Mula sa gilid ng mga mata ay tiningnan niya ito. His lips were drawn into a tight line at medyo nakakunot ang noo nito na parang malalim ang iniisip, pero hindi nabawasan ang kaguwapuhan ng binata.

Hindi na sila dapat muling magkita sa buong durasyon ng pagbabakasyon nito, dahil pahihirapan lang ni Breanna ang sarili. May nararamdaman pa rin siya para kay Gabe, patunay roon ang disappointment niya noong nanonood sila ng sine.

*What a lousy date!* himutok ng isang bahagi ng

kanyang isip.

*Eh, hindi nga daw date! Ikaw lang naman ang nag-iilusyon, asik naman ng kabilang parte.*

Para siyang robot na nagmaneho. Bago pa niya namalayan ay naihinto na niya ang sasakyan sa tapat ng entrance ng *Crowne Plaza*.

Naalala niya ang sinabi sa binata na gagawan niya ito ng itinerary para hindi masayang ang bakasyon nito roon. Kinuha niya ang isang notepad at ballpen sa kanyang bag.

“I assume you brought your laptop. Give me your e-mail address and I’ll send you a list of things you can do while you’re here.”

Matagal siyang pinagmasdan ng katabi; waring may gustong itanong sa kanya. Kinalaunan ay isinulat na lamang nito ang e-mail address nito sa papel.

Pag-uwi ni Breanna ay agad siyang nag-isip ng mga puwedeng gawin ni Gabe para hindi na siya gambalain nito at makalimutan na rin niya ito nang tuluyan. Matapos niyang gawin ang listahan ay agad niya iyong pinadala sa e-mail ng binata.

Kinabukasan, katulad ng nakagawian niya kapag wala siyang tinuturuan, pagkabukas pa lang ng rink

ay nagtungo na siya roon at sinubukang aliwin ang sarili sa pag-skate.

Kakaunti pa lang ang naroroon kaya malaya siyang nakakatalon at nakakaikot. She tried desperately to push all thoughts of Gabe at the back of her mind.

Isinaksak ng dalaga sa tainga ang earphones ng kanyang *iPod* at namili ng kanta na gusto niyang sabayan. Para ternohan ang mood niya na daig pa ang kuryente kung mag-fluctuate, ang pinili niyang kanta ay *'I Don't Wanna Be'* ni Gavin DeGraw.

Iba't ibang combination ng jumps at spins ang kanyang ginawa. Buo ang konsentrasyong ibinuhos niya roon ang frustration niya kay Gabe.

Hinahabol ni Breanna ang hininga nang matapos siya.

Out of nowhere, the same man who made her push herself just a few minutes ago, appeared again.

Awe was written all over his face. "You should be competing for singles, B," sabi nito.

Nakasuot ang lalaki ng sweatpants at manipis na sweater na hinatak ang manggas hanggang sa may ibaba ng siko.

Pinunasan nito ang pawis na nagsisimulang lumabas sa kanyang noo gamit ang panyo na kinuha nito mula sa bulsa ng suot nitong sweat pants.

She groaned inwardly. Ano naman ang laban niya rito?

Pakiramdam niya tuloy ay para siyang nag-bungee jumping. One minute she was in control; on the next minute, she was plummeting. And when she reached the bottom, babaltakin siya ulit ng tali pataas at bababa ulit na parang bolang dini-dribble.

“Dala mo pa ang skates mo sa bakasyon mo?” napapantastikuhang tanong ni Breanna.

He ran his fingers through his ash brown hair and shrugged his broad shoulders. “Can’t help it. Once a skater, always a skater.”

Hindi pa nga siya nakaka-recover sa pagiging sweet ng binata kani-kanina lang ay hinawakan na agad nito ang kanyang kamay. “Skate with me.”

And that was what she did.

Kahit ilang taon na ang nakalipas simula noong huli nilang gawin iyon, their movements were fluid, their bodies still attuned with each other.

“Just as I thought,” nakangiting saad ni Gabe

pagkatapos siya nitong saluhin na nakahawak pa rin sa kanyang baywang.

Siya naman ay nakaharap dito at nakatingin sa mukha ng lalaki with a smile on her lips as she glided on one leg.

“What do you mean?”

“That skating with you will always be as good as this,” he said with a twinkle in his eyes.

*Dammit!* himutok ng puso ni Breanna. *When will you see me as someone other than just a skating partner? If you knew skating with me will always be this good, why did you plan on becoming a singles skater again?*

Tumigil siya sa paggalaw at tinalikuran ang binata. She fought back the tears that threatened to fall.

*How can he love skating with me so much and not be in love with me?*

“I guess, we just have this special bond on the ice,” tugon ng babae na sinusubukang alisin ang hinanakit sa tinig.

Tinalikuran na niya ito at pumunta na sa direksyon palabas sa rink.



Hinawakan siya ni Gabe sa braso. “Hey, where are you going? Don’t you want to skate some more?” nagtatakang tanong nito.

Noon inaabot sila kung minsan ng tatlong oras sa rink kahit na walang pinaghahandaang competition.

Pilit siyang inikot ng lalaki para magkaharap sila.

“Why are your eyes so red?” nag-aalalang tanong nito.

*Nagyelo na rin yata ang utak nito, eh. Manhid!*

“Baka may eyelash na pumasok sa loob. Mag-skate ka lang diyan, I’ll just check what’s wrong with it.”

Habang papunta sa restroom ay nakasalubong pa ni Breanna ang isa sa mga kapwa niya coach.

“Ang galing n’yo, ah. Iyon ba ’yung ka-partner mo dati sa pairs? Kakaiba ang chemistry n’yo ha, in fairness,” bilib na komento nito na may halong panunukso.

Wala siya sa kondisyong makipagchikahan pa kaya maikling sagot lang ang tugon niya rito. “Oo. Excuse lang ha, I need to go to the washroom.”

Pagpasok sa cubicle ay naupo siya sa toilet bowl

at hinayaang lumabas ang mga luhanang pinipigil niya. Nang mahimasmasan ay nagpasya siyang umalis na at huwag munang magtungo sa rink at sa shop niya sa mga susunod na araw.

It was just too painful to be with Gabe. Pareho na silang wala sa mundo ng competitions, pero hindi pa rin siya makita ng binata nang higit sa pagiging magaling na skater.

“Huwag mong sabihin sa akin na wala kang planong balikan ako sa ice.”

Mula sa pagtatanggal ng sintas ng ice skates niya ay iniangat ni Breanna ang kanyang ulo.

Humugot siya ng malalim na hininga. “Gabe, may dalawang paa ka naman. Kung gusto mong mag-skates pa, don’t let me stop you. There are other things that I’d like to do besides skating.”

Sa halip na mainis sa kanya at iwanan siya ay naupo pa ang lalaki sa tabi niya.

“Bakit ba pabago-bago ang mood mo? PMS?” nanunuksong tanong nito.

Nang hindi siya kumibo ay sumeryoso na ang mukha ng kaharap. “B, the only reason I skated today is because I knew you’d be here. Alam kong hindi

lang sa skating umiikot ang mundo mo. I checked out the list you sent me last night. Samahan mo ako sa Subic bukas.”

“Dalawa ang tuturuan ko tomorrow; one in the morning and one in the evening,” agad niyang tanggi.

“You were never good at lying. Sa tingin mo, hindi ko nahalata na hinawakan mo iyong pendant mo bago ka sumagot?” turan ni Gabe. “And besides, tinanong ko na kay Mandy kung ano ang schedule mo. You’re free in the next two days. Papasok na rin daw bukas mula sa bakasyon iyong isang tauhan mo kaya wala kang excuse.”

*Chance mo na 'to! Grab it!* sigaw ng utak ng dalaga. Pilit naman niyang pinapatahimik ang tinig na iyon.

Nothing good could come out of this. Being alone with him off the ice would only make her expect something from him that he could not give her.

He took both of her hands and searched her face. “Sige na, please? S’abi mo, tutulungan mo akong i-enjoy ang vacation ko. How can I possibly enjoy it kung mag-isa lang ako?” Ginawa pa ng kaharap na parang tutang iniwan ng amo ang facial expression.

She burst out laughing in spite of herself. “Oo

na!”

Nanggigigil na kinurot nito ang magkabila niyang pisngi. “Thank you, thank y<sup>3/4</sup>!” Natigilan ito nang may maalala. “Car mo na lang dalhin natin, ha? Ikaw na rin ang mag-drive kasi hindi ako sanay dito, eh.”

Tumaas ang kilay ni Breanna at umismid. “Ayun! Kaya pala, kailangan mo ng kotseng de-driver!”

“Eto naman! Sige, magre-rent-a-car na lang ako. Ako na rin ang magda-drive basta pag nakabangga ako ng nagmo-motor na mahilig sumingit, kasalanan mo ha?”

Her depression over her unrequited love was soon forgotten; tumawa siya sa pananakot ng kausap.

“Nanakot pa! Ikaw ang magpa-gas ng kotse ko, ikaw din ang magbabayad ng mga toll fees at titigil tayo sa gasoline station para mag-snacks sa Expressway. Siyempre, ikaw pa rin ang magbabayad.”

Instead of replying he chucked her under the chin.